INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue III
February 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

# MGA ESTRATEHIYA AT KARANASAN SA PAGTUTURO NG FILIPINO SA BAITANG 7 AT 8: HAMON SA MGA NON-FILIPINO MAJOR SA PAMPUBLIKONG PAARALAN SA SEKUNDARYA

**JEFFREY B. APERIN**
**Teacher I**
Arimbay High School
jeffrey.aperin@deped.gov.ph

## ABSTRAK

Ang pag-aaral na pinamagatang "Mga Estratehiya at Karanasan sa Pagtuturo ng Filipino sa Baitang 7 at 8: Hamon sa mga Non-Filipino Major sa Pampublikong Paaralan sa Sekundarya" ay naglalayong sagutin ang mga sumusunod na suliranin: (1) matukoy ang antas ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro na may non-Filipino major sa pagtuturo ng Filipino sa Junior High School batay sa pagtuturo ng nilalaman, pamamahala ng silid-aralan, at pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral; (2) malaman kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro batay sa mga nabanggit na aspeto; (3) matukoy ang antas ng karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino batay sa kaalaman sa asignatura, paggamit ng mga materyales, pamamahala ng klase, at pag-aangkop ng mga estratehiya; at (4) malaman kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng karanasan ng mga guro batay sa apat na baryabol. Ang mga baryabol sa pag-aaral ay binubuo ng mga estratehiya sa pagtuturo na kinabibilangan ng pagtuturo ng nilalaman, pamamahala ng silid-aralan, at pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral, at ng mga karanasan sa pagtuturo na kinabibilangan ng kaalaman sa asignatura, paggamit ng mga materyales, pamamahala ng klase, at pag-aangkop ng mga estratehiya. Ang mga respondente ng pag-aaral ay binubuo ng tatlumpu't limang (35) non-Filipino major na guro, labindalawang (12) pinuno ng Departamento ng Filipino, labindalawang (12) punong-guro, at limang (5) juror, na may kabuuang bilang na animnapu't apat (64). Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibong disenyo

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue III
February 2026
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

sa pamamagitan ng pamamaraang sarbey at ginamit ang isang balidado at istrakturadong talatanungan bilang pangunahing kasangkapan sa pangangalap ng datos. Isinagawa ang pag-aaral sa mga piling pampublikong sekundaryang paaralan sa Ikalawang Distrito ng Albay sa taong panuruan 2025–2026.

Ayon sa isinagawang pag-aaral, natuklasan na sa antas ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro na may non-Filipino major sa pagtuturo ng Filipino sa Junior High School, ang pagtuturo ng nilalaman ang may pinakamataas na average na 3.67 at pagkakalarawan na Palagiang Ginagamit, samantalang ang pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral ang may pinakamababang average na 3.62 at pagkakalarawan na Palagiang Ginagamit. Ipinakita rin ng pagsusuri na walang makabuluhang agwat ng pagkakaiba sa antas ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro batay sa mga baryabol sapagkat ang computed value na 4.05 ay mas mababa kaysa sa tabular value na 5.991 sa 0.05 antas ng kabuluhan. Samantala, sa antas ng karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino, ang pag-aangkop ng mga estratehiya ang may pinakamataas na average na 3.55 at pagkakalarawan na Palagiang Ginagamit, habang ang kaalaman sa asignatura ang may pinakamababang average na 3.31 at pagkakalarawan na Kadalasang Ginagamit. Ipinakita rin ng resulta na may makabuluhang agwat ng pagkakaiba sa antas ng karanasan ng mga guro batay sa mga baryabol sapagkat ang computed H value na 13.936 ay mas mataas kaysa sa tabular $\chi^2$ value na 7.815 sa 0.05 antas ng kabuluhan. Bukod dito, ang binuong Gabay sa Pagtuturo: Banghay-Aralin sa Filipino 7 at 8 ay nakatanggap ng pangkalahatang ebalwasyon na may weighted mean na nasa saklaw na 3.50–4.00, at pagkakalarawan na Tanggap na Tanggap mula sa mga juror.

Base sa mga natuklasan at konklusyon, ang pag-aaral na ito ay nagrerekomenda na Dapat Magpatupad ang mga Administrador at Taga pamahala ng Paaralan ng mentoring at peer-coaching program; Suportahan propesyonal na pag-unlad ng mga guro sa pagbibigay ng training scholarships o DepEd-initiated capacity-building programs; Magkaroon ng mga hakbang sa pagpapalaganap ng libreng resources ng mga kagamitang pampagtuturo na magagamit ng mga guro sa makabagong pagtuturo ng Filipino sa kasalukuyan; Palawakin ang

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

paggamit ng inobatibong estratehiya sa pagtuturo; Dumalo sa mga karagdagang pagsasanay (LAC sessions at in-service training); Maglaan ng sapat na mga materyales sapagtuturo at kagamitan sa Filipino at Gamitin ang inihandang Gabay sa Pagtuturo bilang supplementary material.

## PANIMULA

Ang pagtuturo ng Filipino ay isang mahalagang bahagi ng edukasyon sa Pilipinas dahil nakatutulong ito sa mga mag- aaral na matutunan at pahalagahan ang ating wika at kultura. Ito rin ay susi sa pag-unlad ng mamamayan at pamayanan. Ito ay isang malaking hamon sa mga non-Filipino major na mga nagtuturo ng Filipino gamit ang makabago at malikhaing pamamaraan ng pagtuturo.

Sa Bagong Konstitusyon ng Pilipinas taong 1987, nakasaad sa Artikulo XIV, Seksyon 6, na ang Wikang Pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Habang ito'y nililinang, dapat rin na ito'y payabungin at pagyamanin pa, sa salig na umiiral na wika sa Pilipinas at sa ibang pang mga wika. Alinsunod sa tadhana ng batas at sang-ayon sa nararapat na maaaring ipasya ng Kongreso, dapat na magsagawa ng mga hakbangin ang pamahalaan upang puspusang itaguyod ang paggamit ng Wikang Filipino bilang opisyal na wikang pang komunikasyon at bilang midyum sa pagtuturo sa sistemang pang-edukasyon.

Ang DepEd Advisory No. 380, s. 2012 Hasaan 3: Pambansang Komprehensiya sa Pagpapaigting ng Kadalubsaan sa Wika, Panitikan, at Teknolohiya na may tema Ang Filipino sa Nagbabagong Kalakaran: Pagkinis at Paghugis Tungo sa Pagpapanibagong-bihis at DepEd No. 021, s. 2019 Policy Guidelines on the K to 12 Basic Education Program ay naglalayong palakasin ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa wika, panitikan, kultura, at teknolohiya.

Ayon sa DepEd Order No. 42, s. 2017, pinamagatang National Adoption and Implementation of the Philippine Professional Standards for Teachers (PPST). Kinikilala ng kautusang ito ang mahalagang papel ng de-kalidad na pagtuturo sa pagpapabuti ng pagganap ng mga estudyante at naglalayong magbigay ng balangkas para sa pagpapaunlad ng mga


Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

guro na naaayon sa reporma sa edukasyon na K to 12 at sa pandaigdigang pamantayan.

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng mga karanasan at estratehiyang ginagamit ng mga non-Filipino major na guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Junior High School. Layunin nitong alamin ang mga hamon na kanilang kinakaharap at ang mga paraan kung paano nila iangkop ang kanilang pagtuturo upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral.

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit ng mananaliksik ang diskriptibong disenyo sa pamamaraang sarbey sa pag-aaral na ito dahil sa kakayahan nitong magbigay ng sistematikong at tumpak na paglalarawan sa populasyon at mga sitwasyon ng interes. Ayon kay Mccombes (2019) ang diskritibong pamamaraang ito ay nakatuon sa pagtatala ng mga datos na makikita at susuriin mula sa mga bahagi ng isang tiyak na pag-aaral. Sa konteksto ng pananaliksik na ito, ang mga estratehiya at karanasan sa pagtuturo ng Filipino sa baitang 7 at 8: hamon sa mga non-Filipino major sa pampublikong paaralan sa sekundarya.

Ang metodolohiya ng sarbey ay nakatuon sa mga instrumento o pamamaraan na nagtatanong ng isa o higit pang tanong na maaaring masagot o hindi (Groves & Fowler, 2009). Ang mga pamamaraang ito ay ginamit sa mga tugon sa mga sarbey na kinapapalooban ng pagrerekord, at pagsusuri ng datos nang hindi sinusubukang magtatag ng mga ugnayan ng sanhi at bunga.

### Instrumento ng Pananaliksik

Ang instrumentong ginamit sa pananaliksik na ito ay naglalayon malaman ang mga estratehiya at karanasan sa pagtuturo ng Filipino sa baitang 7 at 8: hamon sa mga non-Filipino major sa pampublikong paaralan sa sekundarya. Layunin nitong makabuo ng mga gabay pampagtuturo sa makrong kasanayan para sa mga gurong hindi pangunahing kurso ang asignaturang Filipino.

*****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
*****************************************************************************************************

Ang unang bahagi ay ang antas ng mga estratehiyang ginagamit sa pagtuturo ng Filipino, at ang ikalawang bahagi ang antas ng karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino. Gamit ang Iskala na 4– Palagiang Ginagamit, 3– Kadalasang Ginagamit, 2– Paminsan-minsang Ginagamit, 1– Bihirang Ginagamit.

Kasama rin ang instrumentong tseklist ng ebalwasyon ng mga juror para sa Antas ng Pagtanggap na inihandang Gabay sa Pagtuturo bilang pagtugon sa mga Hamon ng mga Guro na Non-Filipino Major. Gamit ang Iskala na 4–Tanggap na Tanggap, 3–Tanggap, 2–Medyo Tanggap, 1–Di-Gaanong Tanggap.

**Pamamaraan sa Pangangalap ng mga Datos**

Matapos ang presentasyon, rebisyon, at pag-apruba ng balangkas ng tesis ng Komite sa Tesis ng Paaralang Gradwado ng Republic Colleges of Guinobatan, Inc. (RCGI), isinagawa ng mananaliksik ang sunod-sunod na hakbang sa pangangalap ng kinakailangang datos para sa pag-aaral. Una, naghanda ang mananaliksik ng liham-kahilingan at humingi ng pormal na pag-apruba mula sa Dekano ng Paaralang Gradwado. Matapos makuha ang pag-apruba, ipinadala ang nasabing liham sa Superintendente ng City Schools Division of Legazpi upang humiling ng pahintulot na maisagawa ang pananaliksik sa mga pampublikong sekundaryang paaralan.

Kasunod nito, at sa pahintulot ng mga tagapamahala ng City Division at ng mga punong-guro ng mga paaralang kalahok, ipinamudmod ng mananaliksik ang mga sarbey-kwestyunaryo sa mga respondente sa pamamagitan ng pisikal na pamamahagi at online na paraan.

Pagkatapos maisumite ng mga respondente ang kanilang mga sagot, agad na kinolekta ng mananaliksik ang mga kwestyunaryo. Dahil sa maayos na koordinasyon at aktibong pakikipag-ugnayan gamit ang mga teknolohiyang pangkomunikasyon, nakamit ang isandaang porsiyento (100%) na balik ng mga instrumento.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue III
February 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

**Kagamitang Istadistika**

Ang mananaliksik ay gumamit ng istadistikang kagamitan sa pagkalap ng datos at pagsuri nito. Ang mga sagot ng respondente ay sinuri gamit ang Bilang ng dalas, Percentage Technique, Weighted Mean, Mean, Spearman Rank-Order Coefficient of Correlation.

**Bilang ng Dalas.** Ito ay ang ayos ng mga datos na nagpapakita ng kabuuan ng iba't ibang baryabol na ginamit. Ito ang nagbibigay-daan sa pag-aaral. Nangangahulugan din ito ng bilang ng mga sumagot sa bawat antas o lebel ng talatanungan. (Joshi, et al 2015). Ito ay ginamit upang malaman ang kadalasan ng pagsagot na ginawa ng respondente sa inihandang tseklist para sa kanila.

**Percentage Technique.** Ito ay ginagamit upang ipakita ang bahagi ng isang bilang mula sa kabuuang 100 bahagdan. Karaniwan itong ginagamit sa pagrepresenta ng istatistika gamit ang simbolong (%) porsyento o pinaikling anyo na bahagdan (Putrawangsa et al., 2022). Sa pag-aaral na ito, ginagamit ito sa pag- aaral para malaman ang bahagdan ng naging tugon ng mga respondente. Ibinahagi nina Saif_Ansari et al. (2023) ang formula sa pagkalkula nito.

Ang Pormula ay makikita sa ibaba.

$$P = \frac{\mathrm{f}}{\mathrm{n}} x\ 100$$

Kung saan:

P = Bahagdan

f = Frequency

n = Kabuuang respondente

100 = Constant

**Weighted Mean.** Ang kabuoang product ng frequency at ang katumbas na bilang ng baryabol ay hinati sa kabuoang bilang ng frequency (Calmorin, et al., 2015). Ginamit ito upang malaman ang antas ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro na may non-Filipino major

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VII, Issue III**
**February 2026**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

sa pagtuturo ng Filipino sa junior high school at antas ng karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino batay sa mga sumusunod na baryabol.

Ang pormula ay makikita sa ibaba.

$$Mw = \frac{\sum fw}{n}$$

Kung saan:

Mw = Weighted mean

∑ = Summation

f = Bilang ng sumagot sa bawat aytem

w = Halaga o bigat ng aytem

n = Kabuoang bilang ng respodents

**Mean.** Ang mean or Average mean, ng isang set ng data ay kinakalkula sa pamamagitan ng pagsusuma nga lahat ng mga numero sa set ng data at paghahati sa kabuuang bilang ng Mga halaga na ipinakita ng Khan Academy (2006). Sa pag aaral na ito, ang mean ay ginamit sa isang tiyak ng average na resulta ng pangganap.
Makikita formula sa ibaba:

$$\bar{x} = \frac{\sum x}{N}$$

kung saan:

X = mean

En = sum of the numbers

N = total number of values in the set

**Spearman Rank-Order Coefficient of Correlation.** Ito ay isang nonparametric test na ginamit upanag malaman kung may makabuluhang relasyon sa pagitan ng dalawang

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue III
February 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

baryabol, ang dependent at independent variable Charles Edward Spearman (1945). Ito ay ginamit upang matukoy ang paghahambing ng mga makabuluhang pagkakaiba sa mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino at makabuluhang pagkakaiba ba sa antas ng karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa Baitang 7 at 8 batay sa apat na baryabol.

Kasunod ang pormula sa ibaba:

$$r_s = 1 - \frac{6\,\Sigma\, D^2}{n\,(\,n^2 - 1)}$$

Kung saan:

$r_s$ = Spearman Rank Order Coefficient Correlation
$\sum D^2$ = sum of the squares of the difference between rank x and rank y
n = sample size
6 = constant

Inilahad sa kabanatang ito ang mga kasagutan sa kabuoan at tiyak na layunin. Ang mga datos istadistika ay inilahad sa pamamagitan ng talahanayan. Ang bawat talahanayan ay ipinakilala, binigyan ng interpretasyon, malalim na pakahulugan, at iniugnay sa mga angkop na sinuring literatura. Binigyan din ng kaukulang rekomendasyon ang bawat aspeto na kailangang pagtuonan ng pansin. Bahagi rin nito ang inihandang gabay sa pagtuturo sa Filipino ng makrong kasanayan para sa mga gurong hindi pangunahing kurso ang asignaturang Filipino at ang antas ng pagtanggap sa nabuong inihandang gabay sa pagtuturo ayon sa pagtatasa ng mga juror.

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue III
February 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com
****************************************************************************************************

**Antas ng mga Estratehiyang Ginagamit ng mga Guro na Non-Filipino Major sa Pagtuturo ng Filipino sa Junior High School Batay sa Pagtuturo ng Nilalaman**

Ang bahaging ito ay naglalahad ng antas ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro na may non-Filipino major sa pagtuturo ng Filipino sa Junior High School batay sa pagtuturo ng nilalaman. Layunin nitong matukoy kung gaano kadalas at gaano kaepektibo na naipatutupad ng mga guro ang iba't ibang estratehiya sa paglinang ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin sa Filipino.

**Talahanayan 3**

**Antas ng mga Estratehiya na Ginagamit ng mga Guro na may Non-Filipino Major sa Pagtuturo ng Filipino sa Junior High School Batay sa Pagtuturo ng Nilalaman**

| Mga Indikeytor sa Pagtuturo ng Nilalaman | N=59 | | | | Antas ng Paggamit | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | 4 | 3 | 2 | 1 | WM | Pagkakalarawan |
| 1. Nagbibigay ako ng malinaw at konkretong halimbawa Sa bawat aralin sa Filipino. | 47 | 8 | 4 | 0 | 3.73 | Palagiang Ginagamit |
| 2. Ginagamit ko ang scaffolding o pagbibigay ng gabay na tanong upang magabayan ang mag-aaral sa pag-unawa ng aralin. | 44 | 12 | 3 | 0 | 3.69 | Palagiang Ginagamit |
| 3. Iniuugnay ko ang mga paksa sa tunay na buhay at karanasan ng mga mag-aaral. | 47 | 8 | 4 | 0 | 3.73 | Palagiang Ginagamit |
| 4. Gumagamit ako ng mga bisual na kagamitan (tsart, larawan, bidyo) upang mapalalim ang pag-unawa. | 45 | 12 | 2 | 0 | 3.73 | Palagiang Ginagamit |
| 5. Binibigyang-diin ko ang tamang gamit ng gramatika sa bawat talakayan. | 30 | 29 | 0 | 0 | 3.51 | Palagiang Ginagamit |
| 6. Inaanyayahan ko ang mga mag- | 37 | 20 | 2 | 0 | 3.59 | Palagiang |

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue III
February 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| aaral na magsagawa ng Pananaliksik gamit ang wikang Filipino. | | | | | | Ginagamit |
| 7. Ipinapaliwanag ko ang mga komplikadong konsepto gamitt ang mga salitang pamilyar sa mag aaral. | 38 | 19 | 2 | 0 | 3.61 | Palagiang Ginagamit |
| 8. Ginagamit ko ang formative assessment upang masukat ang pagkaunawa sa aralin. | 47 | 9 | 3 | 0 | 3.75 | Palagiang Ginagamit |
| **Average** | | | | | **3.67** | **Palagiang Ginagamit** |

| Eskala ng Weighted Mean (WM) | Pagkakalarawan |
|---|---|
| 3.50–4.00 | Palagiang Ginagamit |
| 2.50–3.49 | Kadalasang Ginagamit |
| 1.50–2.49 | Paminsan-minsang Ginagamit |
| 1.00–1.49 | Bihirang Ginagamit |

Batay sa Talahanayan 3, ang antas ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro na non-Filipino major sa pagtuturo ng Filipino sa Junior High School batay sa pagtuturo ng nilalaman. Makikita sa talahanayan 3 ang Ginagamit ko ang formative assessment upang masukat ang pagkaunawa sa aralin ay siyang may pinakamataas na 3.75 Weighted Mean na may pagkakalarawan na Palagiang Ginagamit at ang pinakamababa ay ang Binibigyang-diin ko ang tamang gamit ng gramatika sa bawat talakayan na may 3.51 weighted mean at paglalarawan na palagiang ginagamit. Ito ay may average na 3.67 at paglalarawan na palagiang ginagamit.

Ang resulta ay tugma sa layunin ng pananaliksik na alamin ang antas ng paggamit ng mga estratehiyang mga non-major na guro sa pagtuturo ng Filipino. Ipinapakita ng datos na natutugunan nila ang hamon ng pagtuturo kahit wala silang espesyalisadong kaalaman sa Filipino, at nagagamit nila ang mga estratehiya nang palagian. Kaugnay sa research questions,

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

malinaw na nasagot ang tanong hinggil sa dalas ng paggamit ng estratehiya na ito ay nasa mataas na antas.

Ayon kay Garcia (2023) ang mga non-Filipino major na guro ay maaaring may kakulangan sa espesyalisadong kaalaman. Iminungkahi ni Garcia ang pag-aalok ng Continuing Professional Development (CPD) workshops na nakatuon sa pagbubuo ng rubrics, performance-based assessment, at contextualized evaluation tools sa Filipino.

**Antas ng mga Estratehiyang Ginagamit ng mga Guro na may Non-Filipino Major sa Pagtuturo ng Filipino sa Junior High School Batay Sa Pamamahala ng Silid-Aralan**

Ang bahaging ito ay naglalayong ilahad ang antas ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro na may non-Filipino major sa pagtuturo ng Filipino sa Junior High School batay sa pamamahala ng silid-aralan. Tinutukoy nito kung gaano kadalas naipatutupad ng mga guro ang mga estratehiyang nakatutulong sa pagpapanatili ng kaayusan, disiplina, at positibong kapaligiran sa pagkatuto sa loob ng klase.

Ang antas ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro na may Non-Filipino Major sa Pagtuturo ng Filipino sa Junior High School Batay sa Pamamahala ng Silid-Aralan ay makikita sa Talahanayan 4. Ipinapahayag sa talahanayan ang may pinaka mataas na indikasyon ay ang Ginagamit ko ang mga istratehiyang motibasyonal upang mapahusay at mapanatili ang atensyon ng mga mag-aaral na may 3.78 weighted mean at may paglalarawan na palagiang ginagamit. Ang pinakamababa ay ang May sistema akong pag-monitor sa gawi ng mag-aaral sa klase na may 3.46 weighted mean at may paglalarawan na kadalasang ginagamit. Ito ay may 3.63 average at paglalarawan na palagiang ginagamit.

Ang resulta ay nangangahulugan na may ilang hamon ang mga guro sa pagpapatupad ng ilang partikular na estratehiya, gaya ng paggamit ng makabagong teknolohiya o inobatibong teknik sa pamamahala ng klase ngunit ang konsistenteng mataas na marka ay nagpapakita na kahit hindi sila Filipino major, nakagagawa silang epektibong paraan upang maayos na mapamahalaan ang klase, na mahalaga sa matagumpay na pagkatuto ng mga mag-aaral.

****************************************************************************************************
Editorial Team
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue III
February 2026
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

Inirerekomenda na maaring magsagawa ng iba pang estratihiya sa pagamit ng makabagong pamamaraan ng pagtuturo bukod sa pagamit ng teknolohiya.

Nirerekomenda na tukuyin ang mga estratehiyang mga non-Filipino major na guro at mailarawan ang kanilang karanasan sa pagtuturo ng Filipino upang matugunan ang kanilang pangangailangan sa pagawa ng mga makabagong estratihiya sa pagtututro.

Ayon kay Co, et al. (2021) na may pamagat na Teaching Beyond Specialization: Experiences and Challenges of Public-School Teachers in Science. Lumitaw ang mababang kumpiyansa, kakulangan sa kaalaman, at limitadong estratehiya bilang pangunahing suliranin. Bilang rekomendasyon, iminungkahi nila ang pagpapalawak ng access sa mga modular training at capacity- building seminars, kasama ang technical support sa loob ng paaralan.

**Talahanayan 4**

**Antas ng mga Estratehiyang Ginagamit ng mga Guro na may Non-Filipino Major sa Pagtuturo ng Filipino sa Junior High School Batay sa Pamamahala ng Silid-Aralan**

| Mga Indikeytorsa Pamamahala ng Silid-Aralan | N=59 | | | | Antas ng Paggamit | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | 4 | 3 | 2 | 1 | WM | Pagkakalarawan |
| 1.Ginagamit ko ang mga istratehiyang motibasyonal upang mapahusay at mapanatili ang atensyon ng mga mag-aaral. | 49 | 7 | 3 | 0 | 3.78 | Palagiang Ginagamit |
| 2.Naglalaan ako ng oras upang kilalanin ang Personalidad at pangangailangan ng bawatmag-aaral. | 39 | 17 | 3 | 0 | 3.61 | Palagiang Ginagamit |
| 3.Inaangkop ko ang disiplina sa klase ayon sa sitwasyon at personalidad ng mag-aaral. | 39 | 17 | 3 | 0 | 3.61 | Palagiang Ginagamit |
| 4.Nagbibigay ako ng positibong feedback upang mapalakas ang kumpiyansa ng mga mag-aaral. | 41 | 16 | 2 | 0 | 3.66 | Palagiang Ginagamit |
| 5.Sinisiguro ko ng maayos ang transisyon mula sa isang aktibidad patungo sa susunod. | 42 | 15 | 0 | 2 | 3.64 | Palagiang Ginagamit |

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue III
February 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 6.Maysistema akong pag-monitor sa gawi ng mag-aaral sa klase. | 32 | 22 | 5 | 0 | 3.46 | Kadalasang Ginagamit |
| **Average** | | | | | **3.63** | **Palagiang Ginagamit** |

| **Saklaw ng Weighted Mean (WM)** | **Pagkakalarawan** |
|---|---|
| 3.50–4.00 | Palagiang Ginagamit |
| 2.50–3.49 | Kadalasang Ginagamit |
| 1.50–2.49 | Paminsan-minsang Ginagamit |
| 1.00–1.49 | Bihirang Ginagamit |

**Antas ng mga Estratehiyang Ginagamit ng mga Guro na may Non-Filipino Major sa Pagtuturo ng Filipino sa Junior High School Batay Pakikipag-ugnayan sa mga Mag-aaral**

Ang bahaging ito ay tumatalakay sa antas ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro na may non-Filipino major sa pagtuturo ng Filipino sa Junior High School batay sa pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral. Layunin nitong matukoy kung gaano kadalas naipatutupad ng mga guro ang mga estratehiyang nagpapalakas ng partisipasyon, motibasyon, at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto.

Ang Talahanayan 5 ay ukol sa antas ng mga estratehiyang ginagamit ng mga non-Filipino major na guro sa pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral. Ipinapakita mula sa talahanayang ito ang may pinakamataas na indikasyon ay ang Ginagawa kong bukas ang klase para sa talakayan at Palitan ng ideya na may 3.69 weighted mean at may pagkakalarawan na palagiang ginagamit at ang pinakamababa ay ang Nagtatanong ako ng mga bukas na tanong upang mapalalim ang diskusyon na may 3.51 weighted mean at paglalarawan na palagiang ginagamit. Natukoy ito na may 3.62 na average at paglalarawan na palaging ginagamit.

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue III
February 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

**Talahanayan 5**

**Antas ng mga Estratehiyang Ginagamit ng mga Guro na may Non-Filipino Major sa Pagtuturo ng Filipino sa Junior High School Batay sa Pakikipag-ugnayan sa mga Mag-aaral**

| Mga Indikeytor sa Pamamahala ng Silid-Aralan | N=59 | | | | Antas ng Paggamit | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | 4 | 3 | 2 | 1 | WM | Pagkakalarawan |
| 1.Ginagawa kong bukas ang klase para sa talakayan at Palitan ng ideya. | 47 | 8 | 2 | 2 | 3.69 | Palagiang Ginagamit |
| 2.Nagsasagawa ako ng peer activities upang masanay ang mga mag-aaral sa kolaborasyon. | 39 | 17 | 3 | 0 | 3.61 | Palagiang Ginagamit |
| 3.Ginagamit ko ang social media o chat groups upang Mapanatili ang komunikasyon sa klase. | 40 | 16 | 3 | 0 | 3.63 | Palagiang Ginagamit |
| 4.Nagtatanong ako ng mga bukas natanong upang mapalalim ang diskusyon. | 34 | 23 | 0 | 2 | 3.51 | Palagiang Ginagamit |
| 5.Nagsasagawa ako ng reflective activities parasa Emosyonal na pag-unlad ng mag-aaral. | 39 | 20 | 0 | 0 | 3.66 | Palagiang Ginagamit |
| **Average** | | | | | **3.62** | **Palagiang Ginagamit** |

| **Saklaw ng Weighted Mean (WM)** | **Pagkakalarawan** |
|---|---|
| 3.50–4.00 | Palagiang Ginagamit |
| 2.50–3.49 | Kadalasang Ginagamit |
| 1.50–2.49 | Paminsan-minsang Ginagamit |
| 1.00–1.49 | Bihirang Ginagamit |

Natukoy sa resulta na ang antas ng paggamit ng estratehiya ay nasa mataas na antas, kaya't natutugunan ng mga guro ang hamon ng pagiging non-major sa Filipino. Upang mas mapaigting pa ang mga resultang ito, nagrekomenda ng hakbang tulad ng paggamit ng iba't

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue III
February 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

ibang pamamaraan sa pagtuturo na naglalayong mapauladn ang pag-unawa ng mga non-Filipino major na guro.

Ayon sa pananaliksik ni IJRP (2023) na pinamagatang The Use of VARK Strategies in Enhancing Students' Academic Performance in Filipino, ang paggamit ng kombinasyon ng Visual, Auditory, Reading/Writing, at Kinesthetic na estratehiya ay epektibong nakatutulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na kung ito ay isinasaayos ayon sa kanilang learning styles. Ipinakita ng mga natuklasan na ang mga estratehiya ng VARK na ginamit ng mga guro ay lubos na katanggap-tanggap at may napakataas na literal na paliwanag, na positibong nakakaapekto sa kahusayan ng pagkatuto ng mga estudyante sa Filipino. Ang pag-aaral ay nagbigay-diin din sa kahalagahan ng tuloy-tuloy na paggabay sa mga mag-aaral upang matugunan ang mga kakulangan sa pagkatuto at sa pangangailangan ng mga guro na magpaunlad ng kanilang mga estratehiya upang mapabuti ang pagganap ng mga mag-aaral.

**Makabuluhang Agwat ng Pagkakaiba ng mga Antas ng mga Estratehiyang Ginagamit ng mga Guro na may Non-Filipino Major sa Pagtuturong Filipino sa Junior High School Kabilang sa mga Baryabol**

Ang bahaging ito ay naglalahad ng pagsusuri sa makabuluhang agwat ng pagkakaiba sa antas ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro na may non-Filipino major sa pagtuturo ng Filipino sa Junior High School batay sa mga baryabol na pagtuturo ng nilalaman, pamamahala ng silid-aralan, at pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral**.** Nilalayon nitong matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa paggamit ng mga estratehiya ng mga guro sa tatlong nasabing aspeto.

Makikita sa Talahanayan 6 ang makabuluhang pagkakaiba ng mga antas ng mga estratehiyang ginagamit ng mga guro na may non-Filipino major sa pagtuturong Filipino sa Junior High School kabilang sa mga baryabol.

Mapapansin na ang Computed value na 4.05 ay mas mababa kaysa sa Tabular value 5.991 at 0.05 antas ng kabuluhan na may Degree of freedom na 2. Ang null hypothesis ay Tinangap at ang alternatibong hypothesis ay tinanggihan. Kung saan walang makabuluhan ang

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

agwat ng pagkakaiba ng mga antas ng mga estratehiyang ginagamit ng mga non-Filipino major sa pagtuturo ng Filipino sa Junior High School batay sa mga baryabol na pagtuturo ng nilalaman, pamamahala ng silid-aralan, at pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral**.**

Ipinapakita ng resulta na halos pare-pareho ang kanilang mga paraan ng pagtuturo, na nagpapahiwatig ng konsistensiya sa kanilang praktis sa kabila ng hindi pagiging Filipino major. Kaugnay ng mga layunin at research questions ng pag-aaral, malinaw na nasagot ang tanong kung may makabuluhang pagkakaiba sa mga estratehiya at napatunayang wala. Ang mga guro, anuman ang baryabol na sinusuri, ay gumagamit ng halos magkaparehong estratehiya.

**Talahanayan 6**

**Makabuluhang Agwat ng Pagkakaiba ng mga Antas ng mga Estratehiyang Ginagamit ng mga Guro na may Non-Filipino Major sa Pagtuturo ng Filipino sa Junior High School Kabilang sa mga Baryabol**

| Pagtuturong Nilalaman | | Pamamahalang Silid-Aralan | | Pakikipag-ugnayan sa mga Mag aaral | |
|---|---|---|---|---|---|
| Weighted Mean | Rank($R_1$) | Weighted Mean | Rank($R_2$) | Weighted Mean | Rank($R_5$) |
| 3.73 | 4 | 3.78 | 1 | 3.69 | 6.5 |
| 3.69 | 6.5 | 3.61 | 13.5 | 3.61 | 13.5 |
| 3.73 | 4 | 3.61 | 13.5 | 3.63 | 9 |
| 3.73 | 4 | 3.66 | 8.5 | 3.51 | 17.5 |
| 3.51 | 17.5 | 3.64 | 8 | 3.66 | 8.5 |
| 3.59 | 14 | 3.46 | 17 | | |
| 3.61 | 13.5 | | | | |
| 3.75 | 2 | | | | |
| $n_1$=8 | $\sum R_1$=65.5 | $n_2$=6 | $\sum R_2$= 61.5 | $N_3$=5 | $\sum R_3$= 55.0 |


**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue III
February 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

| | |
|---|---|
| Degree of Freedom | :2 |
| Level of Significance | :0.05 |
| Tabular $x^2$ value | :5.991 |
| Computed H value | :4.05 |
| Remark: | :Not Significant |
| Null Hypothesis: | :Accepted |
| Alternative Hypothesis | :Rejected |

Ipinapakita nito na nakapag-aangkop sila ng kanilang pagtuturo sa iisang antas, marahil bunga ng standardized curriculum ng DepEd at ng mga programang pangsuporta gaya ng Learning Action Cell (LAC) sessions at mentoring. Ganon pa man iminumungkahi pa rin na magsagawa ng mga karagdagang kagamitan sa pagtutro ayon sa pangangailangan mga mag-aaral.

May relasyon sa pag-aaral ni Dizon (2024) The Role of School Support in Helping Non-Majors Teach Filipino Effectively. Lumitaw sa kanyang pag-aaral na ang mga guro ay mas nagiging epektibo sa kanilang pagtuturo kung may mentoring at coaching mula sa school heads. Iminungkahi niya ang pagpapalakas ng mga Learning Action Cells (LAC) bilang pangunahing mekanismo sa pagbibigay ng tuloy-tuloy na suporta sa mga guro.

**Antas ng Karanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino Batay sa Kaalaman sa Asignatura**

Ang bahaging ito ay naglalayong ilarawan ang antas ng karanasan ng mga guro na may non-Filipino major sa pagtuturo ng Filipino sa Junior High School batay sa kanilang kaalaman sa asignatura**.** Tinutukoy sa seksyong ito kung gaano kadalas at gaano kahusay na naipapamalas ng mga guro ang kaalamang pangnilalaman sa Filipino bilang batayan ng kanilang pagtuturo. Makikita sa Talahanayan 7 ang antas ng karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino batay sa kaalaman sa asignatura. Inihayag sa talahanayan na ang indikeytor na Gumagamit ako ng iba't ibang aklat bilang Sanggunian sa pagtuturo ang pinakamataas na 3.31 weighted mean at may pagkakalarawan na kadalasang ginagamit at ang may pinakamababa ay ang Nagsasaliksik ako ng bagong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue III
February 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

na may 2.98 na weighted mean at may pagkakalarawan na kadalasang ginagamit. Natukoy dito ang 3.31 na average at pagkakalarawan na kadalasang ginagamit.

**Talahanayan 7**

**Antas ng Karanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino Batay sa Kaalaman sa Asignatura**

| Mga Indikeytor sa Kaalaman sa Asignatura | N=59 | | | | Antasng Paggamit | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | 4 | 3 | 2 | 1 | WM | Pagkakalarawan |
| 1.May sapat akongkaalaman sa balarilang Filipino. | 27 | 20 | 10 | 2 | 3.22 | Kadalasang Ginagamit |
| 2.Nagbabasa ako ng mga panibagong babasahin tungkol sa wikang Filipino. | 19 | 30 | 10 | 0 | 3.15 | Kadalasang Ginagamit |
| 3.Sumasali ako sa seminar upang mapalawak ang kaalamans sa pagtuturo ng Filipino. | 22 | 20 | 13 | 4 | 3.02 | Kadalasang Ginagamit |
| 4.Nagsasaliksik ako ng bagong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino. | 17 | 27 | 12 | 3 | 2.98 | Kadalasang Ginagamit |
| 5.Gumagamit ako ng iba'tibang aklat bilang Sanggunian sa pagtuturo. | 29 | 22 | 5 | 3 | 3.31 | Kadalasang Ginagamit |
| 6.Pinag-aaralan ko ang mga pagbabago sa gramatikang Filipino. | 22 | 24 | 10 | 3 | 3.10 | Kadalasang Ginagamit |
| **Average** | | | | | **3.31** | **Kadalasang Ginagamit** |

| Saklaw ng Weighted Mean (WM) | Pagkakalarawan |
|---|---|
| 3.50–4.00 | Palagiang Ginagamit |
| 2.50–3.49 | Kadalasang Ginagamit |
| 1.50–2.49 | Paminsan-minsang Ginagamit |
| 1.00–1.49 | Bihirang Ginagamit |

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Ito ay nangangahulugang kahit hindi Filipino major, ay nagtataglay ng sapat na antas ng kaalaman upang maisakatuparan ang pagtuturo, ngunit may pangangailangan parin ng dagdag na pagsasanay at suporta.

Maaaring gumamit ang mga guro ng maingat na pananaliksik na mga estratehiya upang isagawa ang mga pagsusuri sa mas kapaki-pakinabang na paraan. Sa proseso, kailangan nilang harapin ang mga sistema kung saan ang pagsulong sa pangangailangan ng mga estudyante at kanilang akademikong tagumpay ay sumasalungat sa mga nakatatag na interes sa di umano'y meritokratikong mga sistema ng edukasyon at sa mga hinihingi ng lipunan para sa pananagutan at malinaw na pamantayan.

May relasyon sa pag-aaral ni Ompoc (2023) na Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik sa Senior High School. Ipinakita ng resulta na ang mga guro na may mas mataas na kaalaman sa Filipino ay mas mahusay sa pagpapaliwanag ng mga konsepto, pagtatasa ng output ng mag- aaral, at pagbuo ng interaktibong talakayan. Inirerekomenda ang regular na CPD training sa wika, pananaliksik, at pedagogical integration upang mapalawak ang kakayahan ng mga non-major teachers. At upang mahasa ang kanilang kakayahan sa pagtuturo kahit hindi nila espesyalisasyon ang asignaturang kanilang hinahawakan.

**Antas ng Karanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino Batay sa Paggamit ng Materyales**

Ang bahaging ito ay naglalayong ilarawan ang antas ng karanasan ng mga guro na may non-Filipino major sa pagtuturo ng Filipino sa Junior High School batay sa kanilang paggamit ng mga materyales. Ipinapakita sa seksiyong ito kung paano at gaano kadalas na ginagamit ng mga guro ang iba't ibang kagamitang panturo upang higit na maging mabisa at makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ipinakita ng talahanayan na ang Madalas akong gumamit ng multimedia sa pagtuturo ng Filipino at Ina-update ko ang aking mga teaching materials kada Grading period ay nakamit ang pinakamataas na 3.58 na weighted mean at pagkakalarawan ng palaging ginagamit at ang Nakikipagpalitan ako ng materyales sa kapwa

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue III
February 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

gurong Filipino ang pinakamababa na may 3.34 weighted mean at pagkakalarawan na kadalasang ginagamit.

Nangangahulogan na malinaw na natutugunan nito ang research question hinggil sa antas ng paggamit ng mga guro ng mga materyales sa pagtuturo ng Filipino. Lumalabas na ang mga non-major teachers ay may inisyatiba na gumamit ng pantulong na kagamitan upang mapadali ang pagtuturo, ngunit nakikita rin ang kanilang limitasyon, marahil sa Kakulangan sa training o access sa mas modernong materyales. Inirerekumenda na ang mga guro ay patuloy pang lumahok sa mga seminar o training.

Sabi nina Bausa at Marbella (2024) na ang Experience of Non-Major Teachers in Filipino sa Piling Larangang–Akademik. Ayon sa resulta lumitaw ang kakulangan nila sa paggamit ng akademikong wika, pagbuo ng materyales, at pagpili ng estratehiya. Inirekomenda ng mga may-akda ang pagdaraos ng regular na seminar, mentoring session, at pagbuo ng contextualized instructional materials upang mapaunlad ang kanilang pedagogical competence.

**Talahanayan 8**

**Antas ng Karanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino Batay Paggamit ng mga Materyales**

| MgaIndikeytorsa Paggamit ng mga Materyales | N=59 | | | | Antas ng Paggamit | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | 4 | 3 | 2 | 1 | WM | Pagkakalarawan |
| 1.Madalas akong gumamit ng multimedia sa pagtuturo ng Filipino. | 39 | 15 | 5 | 0 | 3.58 | Palagiang Ginagamit |
| 2.Ina-update ko ang aking mga teaching materials kada Gradin gperiod. | 37 | 19 | 3 | 0 | 3.58 | Palagiang Ginagamit |
| 3.Nag-iimbak ak ong repositoryong teaching resources para sa Filipino. | 34 | 20 | 3 | 2 | 3.46 | Kadalasang Ginagamit |
| 4.Sinusubukan ko ang mga alternatibong kagamitan Kapag may kakulangan sa opisyal na module. | 37 | 17 | 3 | 2 | 3.51 | Palagiang Ginagamit |

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
